
Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata



# Si Eliseo, Lalaking Mahimala

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Lazarus; Alastair Paterson

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2021 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag,
ngunit hindi maaaring ipagbili.

Walang maraming mga baka na pwedeng gamitin sa pagaararo. Kailangan pa na isa, pero ito'y hindi nakapagpahinto kay Elisio na binatang magsasaka!



Kanyang initim ang kanyang sarili sa mga baka, at sa halip na isang wala. Siya'y malakas, marunong at masipag na mama.






Habang si Eliseo ay nagaararo, ang propeta ng Diyos na si Elias ay pumanta sa kanya, at tinawag siya.  Iniwan ng binata ang bukid upang maging alagad siya ng Diyos.



Isang araw, kinuha ng Panginoon si Elias at dinala sa langit ng ipu ipo. Ngayon si Eliseo ay propeta ng Diyos sa Israel.


Kahit malungkut
si Eliseo dahil
wala na si Elias,
dinalangin niya sa
Panginoon na
magkaroon
sana siya ng
kapangyarihan na
katulad ni Elias.



Kinuha ni Eliseo ang balabal ni Elias, at kanyang hinampas ang ilog na umagos ng maraming tubig gaya ng ginawa ni Elias.




Ang tubig ay naghiwalay! Alam na ngayon ni Eliseo na ang Panginoon ay nasa kanya.




Habang si Eliseo ay pumunta sa bayan na tinatawag na Bethel, may mga binatang nagtuya sa kanya, tumawag, “Umakyat ka kalbo!”



Binali wala nila na si Eliseo ay alagad ng Diyos. May nakakakilabot na nangyari sa kanila. Dalawang babaeing Oso ay dumating galing sa kakahuyan at binugbog at pinatay ang apat na po't dalawang mga binata.



Isang araw
si Eliseo ay
nakatagpo ng
isang babae na
balo.  Siya ay
may utang na
pera at hindi
siya makabayad.
Ang nautangan
ay kinuha ang
dalawang anak
na lalake upang
maging kanyang
mga alila.



"Pumaroon ka,
at humiram ka
ng maraming
banga sa lahat
ng iyong kapit
bahay … mga
banga na walang
laman," ang sabi
ni Eliseo. Ang
Panginoon ay
may gagawin
na kababalaghan
bagay para sa
babaeng balo.

Ang balo ay may isang maliit na banga na puno ng langis sa kanyang bahay. Datapu't sa maliit na banga ng langis, binuhos niya ang langis sa bawa't isang banga na hiniram at napuno ng langis ang lahat ng banga na kanyang hiniram.

Kung mayroon siyang malaking sisidlan pupunoin ba kaya ng Panginoon ito? Pinagbili na balo ang mga banga na langis at naligtas ang kanyang mga anak na lalake na maging alila.



Isa pang babae at ang kanyang asawa by gumawa ng silid tulugan sa kanilang bahay para kay Eliseo kung siya ay dumaraan, Ang silid tulugan ay linagyan nila ng isang higaan, mesa, silya, at isang lampara.  Ang silid ay inihanda para kay Eliseo.



Si Eliseo ay nagalala kung paano niya mabayaran ng kabaitan ng magasawang ito. Nang nalaman niya na wala silang anak, may sinabi si Eliseo na hindi halos maniwala ang babae. "Sa ganitong panahon sa susunod na taon, magkaroon ka ng anak na lalake." Ng dumating ang taon, ang sanggol ay isinilang.



Sa mga taong dumarating, ang batang ito ay nasa bukid na kasama ang kanyang ama. "Ang ulo ko, ang ulo ko," dumaing ang bata. Nang dinala siya sa kanyang ina, umupo siya sa tuhod ng ina hanggang tanghali, at siya' namatay. Linagay niya ang bankay sa kama ni Eliseo. Sino kaya ang makatulong sa kanya?



Sinabi mo ba na Eliseo?  Tama iyan!  Hinanda niya ang buriko at umalis upang hanapin si Eliseo. Si Eliseo ay pumunta sa kanyang bahay, umakyat na magisa at dumalangin   sa Panginoon.



Binuhay ng Diyos ang batang lalake. Tinawag ni Eliseo ay ina at sinabi, "Kunin mo ang iyong anak." Gaanong tuwa ang nasa kanya!






Ang malapit na bansa ng Syria, ay may kumandante ng mga kawal na pinangalanang Naaman. Siya ay matapang at malakas, ngunit may sakit sa balat na tinatawag na ketong.

Ang asawa ni Naaman
ay may maliit na batang
babae na bilang kanyang
alila.  Siya ay bihag galing
sa Israel.  Itong batang
babaeng ito ay nagsalita,
"Sana si Naaman ay
makapunta sa propeta
na nasa Israel!
Gagaling ang
kanyang ketong."



Nang narinig ni Naaman ito, naghanda siyang umalis kaagad upang makita ang propeta.  May dala siyang mga regalo na pilak, ginto, at mga magandang tela.





Lumabas ang alila ni Eliseo at sinabi, “Pumunta at maghugas sa ilog ng Hordan ng pitong beses para maging malinis.”




Nagalit
si Naaman.
Hindi ba siya
makahugas o
makaligo sa
malinis na tubig
ng kanyang bansa,
Syria? Galit na
galit, siya ay
bumalik at
papauwi na
sana.




Ang maswerting Naaman, ang kanyang mga alila ay pinayuan siya na sudin ang utos ni Eliseo.  Si Naaman ay pumayag at sumunod at siya ay lumubog sa Hordan ng pitong beses.



At ang ketong ni Naaman ay gumaling. Ngayon sumamba si Naaman sa tunay na Diyos, ang Diyos ni Eliseo, ang Panginoon na nagpagaling sa kanya.



Ginamit ng Panginoon
ang kanyang alagad
na si Eliseo kahit
na siya ay patay na.
Isang araw, may
mama na nailibing
sa kueba na doon
linibing si Eliseo
na matagal na.
Nang ang bankay
ay na dikit ang mga
buto ni Eliseo, ang
mama ay nabuhay
at tumayo.



Sakatutuhanan,
ang Panginoon
ay nagpakita ng
kanyang dakilang
kapangyarihan sa
pamamagitan ng
kanyang tapat na
alagad, si Eliseo.

Si Eliseo, Lalaking Mahimala

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

2 Mga Hari 2-13

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

# Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16